

Pakikilahok sa mga usaping pampulitika ng mga nakakatanda  
o Senior Citizens na nangibang bayan

## 24 na katanungan tungkol sa paksang:

Pakikisali, paghubog at pakikilahok  
sa pagpapasya sa mga usaping ukol sa  
katandaan at pagtanda na may kasaysayan  
ng paglipat sa Berlin

Bilang bahagi ng proyektong  
»Workshop sa pampulitikang pakikilahok ng mga nakatatandang  
nangibang bayan mula sa maliliit na Grupo ng mga migrante«

- citizens ng Berlin sa temang nakatatandang Migrante\*?
15. Ano ang senado ng Berlin (Berliner Senat)?
  16. Aling Kagawaran o Pangangasiwa ng Senado (Senatsverwaltung) ang may pananagutan sa mga Senior Citizens?
  17. Ano ang mga tagapag-ugnay\* ng pangangalaga sa matatanda (Altenhilfekoordinator\*/geriatric care coordinator\*) sa Berlin?
  18. Aling mga Batas sa Pantay na Pagkakataon (Chancengleichheitsgesetze/Equal Opportunities Laws) ang umiiral sa Berlin bukod sa Berlin "Seniors Participation Act" ("Seniorenmitwirkungsgesetz")?
  19. Ano ang Batas ng Berlin ukol sa Partisipasyon at Integrasyon (Berliner Partizipations- und Integrationsgesetz)?
  20. Ano ang Integrasyon?
    21. Ano/Sino ang Opisyal ng Integrasyon (Integrationsbeauftragte) ng Senado?
  22. Ano ang Lupon ng Pagpapayo ng Estado para sa mga Isyu sa Integrasyon at Migrasyon / Regional Advisory Board for Integration and Migration Issues (Landesbeirat für Integrations- und Migrationsfragen)?
  23. Ano ang kaugnayan ng Batas ng Berlin ukol sa Partisipasyon at Integrasyon sa mga senior citizen\* na may kasaysayan ng migrasyon?
  24. Bilang isang Senior Citizen paano ako makikitungo sa diskriminasyon?

Para sa pag-unawa sa pagbabasa:

Lahat ng mga parteng namarkahan ng **berde** ay ipapaliwanag sa ibang pahina.

Ano ang ibig sabihin ng asterisk ng kasarian \* (halimbawa sa senior citizen\*)?

Ang ilang tao ay hindi nararamdaman na sila ay lalaki o babae.

Ang \* ay ang kalayaang magpasya para sa sarili, kung sino sya. Ginagamit namin ang \* dahil gusto naming makausap ang lahat ng tao.

Ang senior citizen\* ay mga taong may edad mula 60 taon (60+).



## 0. Bakit nabuo ang brochure na ito?

Ang proyektong "Workshop sa pampulitikang pakikilahok ng mga nakatatandang nangibang bayan" ay may layunin na makalahok ang mga tumatandang- at matatandang Migrante\* sa pulitika sa Berlin. Para sa ma pulitiko ang mga maliliit na grupong migrante ay halos hindi nakikita kaya ang mga pagkakataon para sa mga ganitong grupo para makalahok sa mag usaping pulitikal, ay mas maliit kaysa para sa mga mas malalaking grupo ng mga migrante.

Ang mga nakatatandang Migrante ay maaaring magsalita sa publiko tungkol sa kanilang mga pangangailangan, interes at problema Ito ay importante, para sila ay makapaghanda para sa isang magandang buhay sa katandaan. Ang aktibong pakikilahok sa katandaan ay napakabuti rin para sa kalidad ng buhay at kalusugan.

Ang gawain ng proyekto, higit sa lahat, ay bigyan ang mga tumatandang- o nakatatandang migrante ng impormasyon tungkol sa kanilang mga pagkakataon:

- a) kung paano nabubuo ang sistemang pulitikal
- b) aling mga pulitikal na karapatan mayroon sila at
- c) paano sila makakalahok sa mag usaping pulitikal.

Dahil: Kung sinuman ang gustong lumahok ay nangangailangan ng impormasyon.

Ang brochure na ito ay nag-aayong magsisilbing tulong para dito.

Ang brochure na ito ay isang tulong upang madaling maintindihan ang mga patakaran para sa senior citizens sa Berlin.

Ito ay nakasalin sa anim na wika para sa mga mas maliliit na grupong migrante sa Berlin.

Nakasalin ang brochure na ito sa iba't-ibang wika: Tsino, Aleman, Indonesya, Hapon, Koreano, Thai, Filipino at Vietnamese.

## 1. Gaano karaming Senior Citizens and nakatira sa Berlin?

Ang Berlin ay may populasyon ng higit kumulang 3.8 milyong tao. Bawat ikaapat na taga-Berlin ay higit sa 60 taong gulang.

Maraming senior citizens ang naninirahan sa

- Steglitz–Zehlendorf (31%)
- Charlottenburg–Wilmerdorf (29%)
- Reinickendorf (29%)
- Treptow–Köpenick (28%)
- Marzahn–Hellersdorf (28%)

## Proporsyon ng mga taong may edad na 60 tanong gulang at pataas

Mitte



Friedrichshain–Kreuzberg



Pankow



Charlottenburg–Wilmersdorf



Spandau



Steglitz–Zehlendorf



Tempelhof–Schöneberg



Neukölln



Treptow–Köpenick



Marzahn–Hellersdorf



Lichtenberg



Reinickendorf





## 2. Gaano karaming Senior Citizens ang may kasaysayan ng migrasyon ang nakatira sa Berlin.

Sa lahat ng 60+ taong gulang na taga-Berlin, 17% ang may kasaysayan ng migrasyon na galing sa mahigit 190 bansa. Ilan sa mga pinakamalaking grupo ng migrante ay mula sa Turkey at Poland at karamihan sa mga migranteng may edad na 60 at pataas ay nabibilang sa maliliit na grupo ng migrante. Sa mga maliliit na grupo ng migrante na ito kabilang ang mga senior citizens halimbawa mula sa mga bansa sa Asya.

Ang mga distrito na may pinakamaraming migrante na higit sa 60 taong gulang ay ang mga sumusunod

- Mitte (32%)
- Friedrichshain–Kreuzberg (29%)
- Charlottenburg–Wilmersdorf (25%)
- Neukölln (24%)
- Tempelhof–Schöneberg (20%)

## Proporsyon ng mga migrante na may edad na 60 tanong gulang at pataas ayon sa distrito

Mitte



Friedrichshain–Kreuzberg



Pankow



Charlottenburg–Wilmersdorf



Spandau



Steglitz–Zehlendorf



Tempelhof–Schöneberg



Neukölln



Treptow–Köpenick



Marzahn–Hellersdorf



Lichtenberg



Reinickendorf



### 3. Anu-anong mga batas ang nagtatakda sa pakikilahok ng mga senior citizen sa Berlin sa mga usaping pampulitika?

Ang Berlin Senior Citizens\*' Participation Act (Berliner Seniorenmitwirkungsgesetz, BerlSenG) ay nagsasaad na ang mga senior citizens ay maaaring magpayo sa mga pulitiko at sa mga awtoridad sa 12 distrito at sa Senado ng Berlin. Ang batas na ito ay umiiral lamang mula noong 2006. Bago naipasa ang batas, nagkaroon ng mahabang talakayan tungkol sa kung paano makakalahok sa pagpapasya ang mga senior citizens.

Sa bawat distrito ng Berlin ay mayroong representasyon ng senior citizens at para sa estado ng Berlin ay mayroong senior citizens advisory board.

Ang mga senior citizens ay nagpapayo sa pulitika at administrasyon ng Berlin ukol sa mga alalahanin ng mga nakatatanda. Ang Berlin Senior Citizens Participation Act (BerlSenG) ay isa sa mga batas ng Equal Opportunities Act ng Berlin (Chancengleichheitsgesetz). Ang layunin ng Senior Citizens Participation Act ay bigyan ang mga senior citizens ng karapatan upang sila ay makilahok sa buhay panlipunan. Nangangahulugan ito na ang mga senior citizens ay hindi lamang nakakapagpahayag ng kanilang opinyon kundi maaari ring makagawa ng pagbabago.

Ang senior citizen sa pangangahulugan ng batas na ito ay lahat ng mga tao na higit 60 taong gulang at may pangunahing tirahan sa Berlin.





**Kinatawan ng Senior  
Citizens**

**=**

**hanggang sa  
17 miyembro**



#### 4. Ano ang ibig sabihin ng pakikilahok o partisipasyon?

Ang pakikilahok o partisipasyon ay nangangahulugan na ang isa ay kasali sa mga desisyon sa lipunan. Ibig sabihin ang aking opinyon ay importante sa mga pulitiko o awtoridad na nagdedesisyon sa mga bagay na patungkol sa akin. Kapag narinig nila ang aking opinyon maaari kong impluwensyahan ang kanilang desisyon kung paano gawin ang isang bagay. Kaya kasali ako sa desisyon.

Samakatuwid, ang aking opinyon ay kailangan!  
Samakatuwid ang ibig sabihin ng partisipasyon ay pagbibigay ng estado ng Berlin ng pagkakataon na malahok (Hal. sa pamamagitan ng Senior Citizens Participation Act BerlSenG).

Senior Citizens\*<sup>1</sup> Participation Act (Senioren-mitwirkungsgesetz, BerlSenG). At ibig sabihin nito ay, na ako rin ay interesado na makilahok.



## 5. Papaano ang proseso ng pakikilahok o partisipasyon?

May iba't ibang paraan, kung paano ko sasabihin ang aking opinyon at mag-ambag sa mga desisyon: Ang partisipasyon ay maaaring impormal o pormal.


Sa impormal na partisipasyon kasali hal. ang mga demonstrasyon, mga boluntaryong gawain (kusang-loob, walang bayad) sa mga grupo ng interes. Sa impormal na partisipasyon kasali hal. ang mga demonstrasyon, mga boluntaryong gawain sa mag iba't-ibang grupong panlipunan (kusang-loob, walang bayad). Dito ay pinapayagan ang bawat isa mayroon o wala mang pagkamamamayan ng Aleman.

Sa pormal na partisipasyon kasali ang aktibo at pasibong karapatang bumoto. Samakatuwid pagboto o ang karapatang iboto. Para dito kadalasan ay kailangan ang pagkamamamayan ng Aleman. Maliban sa: **Patakaran ng Senior Citizen\*** (Pahina12)

## Impormal



## Pormal



## 6. Bakit importante ang partisipasyon para sa mga senior citizen\*?

Ang Partisipasyon ay importante para sa mga senior citizen dahil sa Berlin ay mayroon silang mga espesyal na karapatan (sa pamamagitan ng **Senior Citizens Participation Act (BerlSenG) (Pahina 12)**) upang makalahok sa pagpapasya. Ang isa ay maaaring makilahok para sa higit pang pantay na pagkakataon at isang mapagpasyang buhay sa katandaan.

Maaaring lumahok ang mga nakatatanda sa mga desisyon ng mga distrito, senado at pampublikong institusyon. Sa ganitong paraan, maaaring seryosohin ang kanilang mga pangangailangan na ukol sa kalusugan o mga sitwasyon ng kahirapan sa lipunan at ang kanilang mga problema ay maaaring

malulutas nang mas mabuti. Samakatuwid ang isa ay maaaring tumindig laban sa kawalan ng pagkakataon at kamangmangan. Dapat bang ibang tao ang magdesisyon kung paano tayo mamuhay o kung saan natin gustong tumira? Tayo mismo ang nakakaalam nang pinakamabuti kung ano ang kailangan natin o kung ano ang mabuti para sa atin.

## 7. Sa aling mga halalan o eleksyon maaaring lumahok ang mga imigrante na walang pagkamamamayan ng Aleman (German citizenship)?

Ang mga mamamayan ng EU (European Union) na walang pasaporte ng Aleman ay pinapayagang bumoto para sa mga kinatawan ng distrito (ito ay tinatawag na "lokal na halalan" o "Kommunalwahl") at sa Parlyamento ng EU (ito ay tinatawag na "Halalang pang Europa" o "Europawahl"). Para magawa ito dapat na nakarehistro na sila sa tanggapan ng pagpaparehistro ng mga residente sa Berlin nang hindi bababa sa tatlong buwan. Ibig sabihin sa distrito kung saan sila nakatira. Hindi sila pinapayagang bumoto para sa Kongreso ng Alemanya (Bundestag) o sa **Kapulungan ng mga Kinatawan sa Berlin (Berliner Abgeordnetenhaus)** (pahina 32).

Ang mga hindi mamamayan ng EU ay hindi pinapayagang bumoto sa alinman sa mga halalan na ito.

Ngunit mula sa edad na 60 lahat ng mga taga-Berlin kabilang ang mga migranteng walang pagkamamamayan ng Aleman o German citizenship ay maaaring bumoto para sa mga **kinatawan ng senior citizens sa distrito** (pahina 26) o mahalal.

Lokal na Halalan / Eleksyon  
Halalan sa European Union



Pederal na Kongreso o  
Parlyamento/Bundestag  
Taga-Berlin  
Kapulungan ng mga  
Kinatawan



Kinatawan ng mga  
Senior Citizens

Lahat ng  
Taga-Berlin  
60 taong  
gulang at  
pataas

## 8. Paano ako makikilahok sa mga usapin ng mga Senior Citizens ng walang pagkamamamayan sa bansang Alemanya o German Citizenship?

Ang mga nakatatanda mula 60 taong gulang na nakatira sa Berlin at nakarehistro dito bilang kanilang pangunahing tirahan ay pinapayagang bumoto para sa kinatawan ng mga senior citizen\*.

Maaari ka ring kumandidato para sa **kinatawan ng senior citizen\*** (Pahina 26) Hindi mo kailangan para dito ang pagiging Aleman\*.

Sa pamamagitan ng kinatawan ng mga senior citizens maaari kang makipagpalitan ng opinyon, magtanong tungkol sa mga tema sa mga kinatawan mula sa Pulitiko at Administrasyon o magbigay ng mga mungkahi o suhestyon.

## 9. Kailan inihahalal ang mga kinatawan o representasyon ng mga senior citizens?

Ang mga halalan para sa mag kinatawan ng senior citizens sa mga distrito ay mangyayari sa Marso 2022.

Ang mga kinatawan ng senior citizens ay inihahalal sa loob ng 5 taon. Ang huling halalan ay naganap noong 2017. Ibig sabihin ang mga bagong kinatawan ay ihahalal sa 2022.






## 10. Ano ang kinatawan o representasyon ng mga senior citizen?

Ang Berlin ay may labindalawang distrito. Sa bawat distrito ay may kinatawan ang mga senior citizens na may hanggang 17 miyembro. Nagtatrabaho sila nang hindi nakadepende sa mga partido at paniniwala, kusang-loob at sa isang marangal na batayan. Ang mga kinatawan ng senior citizens ay nakikilahok sa panlipunan, pangkultura at pampulitikang kabuhayan.

Ang tungkulin ng mga kinatawan ng mga senior citizens ay katawanin ang mga alalahanin, mga problema, at mga minimithi ng mga senior citizen pati na rin ang kanilang mga ideya. Kaya nilang manindigan para sa karapatan ng mga senior citizens sa lahat ng larangan ng buhay sa administrasyon at sa pulitika ng distrito.

# Lupon ng Pagpapayo ng mga Senior Citizens ng Estado / State Seniors' Advisory Board



Tagapangulo bawat distrito



Organisasyon ng mga Senior Citizens



mula sa KomZen

## 11. Ano ang Lupon ng Pagpapayo ng mga Senior Citizens ng Estado / Regional Seniors' Advisory Board (Landesseniorenbeirat) at sino ang kanyang mga miyembro?

Ang State o Regional Seniors' Advisory Board (Landesseniorenbeirat LSBB) ay may 25 miyembro. Labindalawa sa kanila ang mga tagapangulo ng labindalawang kinatawan ng senior citizens sa Berlin (isa bawat distrito) at isa pang labindalawang kinatawan mula sa mga organisasyon ng senior citizens.

Ang huling miyembro ay isang kinatawan mula sa Competence Center for Intercultural Opening of Care for the Elderly\* **Competence Center for Intercultural Opening of Care for the Elderly\*** (Kompetenzzentrum Interkulturelle Öffnung der Altenhilfe, kom•zen), (pahina 30), na nagtatrabaho para sa mga senior citizens na may kasaysayan ng migrasyon sa loob ng kondisyon ng balangkas ng **"Participation and Integration Act"** (Partizipations- und Integrationsgesetzes) (pahina 54).

Pinapayuhan ng State Seniors' Advisory Board ang **Kapulungan ng mga Kinatawan sa Berlin (Berliner Abgeordnetenhaus) (pahina 32)** at ang Senado ng Berlin sa mga isyu ng mga nakatatanda at inirerepresenta ang labindalawang kinatawan ng senior citizens ng mga distrito sa antas ng estado.

✓ **Competence Center for Intercultural Opening of Care for the Elderly\*** Kompetenzzentrum Interkulturelle Öffnung der Altenhilfe (kom•zen)

Pinagsasama ng Competence Center para sa interkultural na pagbubukas ng pangangalaga para sa matatanda (kom • zen) ang mga temang ukol sa katandaan at pagtanda, migrasyon at pangangalaga. Ang kom•zen ay isang sentro ng impormasyon, pagpapalitan, at networking para sa mga nakatatandang migrante at mga pasilidad para sa tulong at pangangalaga ng matatanda. Pinopondohan ito ng Kagawaran ng Senado ng Berlin para sa Kalusugan, pangangalaga at pagkakapantay-pantay (Senatsverwaltung für Gesundheit, Pflege und Gleichstellung) at ng Kagawaran ng Senado ng Berlin para sa Integrasyon, trabaho at mga isyung panlipunan (Senatsverwaltung für Integration, Arbeit und Soziales) at sinusuportahan rin ng dalawang welfare associations na Arbeiterwohlfahrt at Caritas. Kagawaran ng Senado ng Berlin para sa Kalusugan, pangangalaga at pagkakapantay-pantay (Senatsverwaltung für Gesundheit, Pflege und Gleichstellung) Kagawaran ng Senado ng Berlin para sa Integrasyon, trabaho at mga isyung panlipunan (Senatsverwaltung für Integration, Arbeit und Soziales) Ang kom•zen ay nagrerepresenta sa kasalukuyan sa **Regional Seniors' Advisory Board (Landesseniorenbeirat)** (pahina28) ng mga nakatatandang migrante sa Berlin.



## ✓ Kapulungan ng mga Kinatawan sa Berlin (Berliner Abgeordnetenhaus)

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan sa Berlin ay ang parlyamento o batasan ng estado ng Berlin. Ito ang bumoboto sa namamahalang mayor ng siyudad.

Sa Kapulungan ng mga Kinatawan ay may 130 kinatawan o representante. Sila ay ang mga taong ibinoto ng mga taga-Berlin mula sa iba't ibang partido. Lahat ng tao na 18 taong gulang pataas ay pinapayagang bumoto. Kinakailangan kang nakatira na nang hindi bababa sa tatlong buwan sa Berlin bago ang halalan, nakarehistro dito bilang pangunahing tirahan at may pagkamamamayan ng Aleman.

Sa kasalukuyan (sa 2020) anim na partido ang kumakatawan sa Kapulungan ng mga Kinatawan: SPD, CDU, Die Linke, Die Grünen, AfD at FDP.



**SPD** 21. 6%

**CDU** 17. 6%

**DIE LINKE** 15. 6%

**DIE GRÜNE** 15. 2%

**AfD** 14. 2%

**FDP** 6. 7%



## 12. Paano maging myembro ng representasyon o kinatawan ng mga senior citizen\*?

Lahat ng senior citizen na higit sa 60 taong gulang at ang kanilang pangunahing tirahan ay sa Berlin ay maaaring iboto. Bukod pa rito kailangan nilang kumandidato nang humigit-kumulang anim na buwan bago ang eleksyon (sa Setyembre 2021 para sa halalan sa Marso 2022).

Paano mailalagay ang isa sa **listahan ng mga rekomendasyon o mungkahi (tingnan ang pahina 36)** para sa halalan?

May tatlong mga pagpipilian →

Ang mga senior citizens na gustong mahalal ay dapat sumang-ayon at magsumite ng mga dokumento kasama ang kanilang curriculum vitae at motivation letter sa komisyon sa eleksyon. Saka lamang ilalagay ang mga senior citizens sa **listahan ng mga mungkahi o rekomendasyon (tingnan ang pahina 36)** para sa halalan.

Ang isang senior citizen ay maaaring magrekomenda ng sarili  
(Self-candidacy/Sariling Pagkakandidatura Tingnan ang Pahina37)

Ang isang senior citizen\* ay maaaring magrekomenda ng ibang senior citizen\*

Ang kinatawan ng senior citizens, mga retirement home at leisure facility, atbp. , ay maaaring magrekomenda ng mga senior citizens.



## ✓ Listahan ng Mungkahi o Rekomendasyon

Kung oo, ay nararapat syang pumirma. Pagkatapos ay maaari ng isumite ng mga kandidato ang mga dokumento sa opisina ng distrito at ilalagay sila sa listahan para sa halalan para sa mga kinatawan ng senior citizens. Kung oo, ay nararapat syang pumirma. Pagkatapos ay maaari ng isumite ng mga kandidato ang mga dokumento sa opisina ng distrito at ilalagay sila sa listahan para sa halalan para sa mga kinatawan ng senior citizens.

## ✓ Para sa Self-candidacy o Sariling Pagkakandidatura

Ang opisina ng distrito ay mananawagan para sa mga kandidato na magparehistro para sa representasyon o kinatawan ng senior citizen\*. Pagkatapos ay mayroon kang isang buwan upang irehistro ang iyong sarili bilang isang kandidato\* para sa halalan para sa representasyon ng senior citizens. Maaari mong imungkahi o irekomenda ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat. Ang naaangkop na form ay dapat naglalaman ng pangalan, petsa ng kapanganakan at address kung saan talaga nakatira at nakarehistro. Ang form ay dapat nasa isang selyadong sobre. Nakasulat dito: "Rekomendasyon sa Paghirang Representasyon ng Senior Citizen" - SARADO" („Berufungsvorschlag Seniorenvertretung – VERSCHLOSSEN“). Maaari mong ipadala ang sobre sa pamamagitan ng koreo (post office) o dalhin ito sa opisina ng distrito sa tamang oras (tandaan ang huling araw!). Sinusuri ng komisyon sa eleksyon ang mga dokumento at kung lahat ng nakasulat ay tama.

### 13. Anu-anong mga paksa ang kasalukuyang tema para sa mga Senior Citizens?

Ninangais ng senado ng Berlin na mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga senior citizens at na makalahok sila sa buhay panlipunan. Regular ding nagpapasya ang senado kasama ang **Regional Seniors' Advisory Board (tingnan ang pahina 26)** Sa kasalukuyan ay mayroong 17 na mga alituntunin.

**Itong 17 na mga alituntunin (tingnan P. 40)** ay gumagabay mula 2013 sa pulitika ng estado ng Berlin (Berlin Landespolitik).

Magkakaroon (2021) ng mga bagong alituntunin na pagpapasyahan. Sa mga bagong alituntunin ay mas ma-iilawan pa ang tatlong mga tema:

—Digitization at edukasyon para sa mas maraming pagkakataon at pakikilahok sa katandaan

—Ang mga alok (hal. pagpapayo sa pakikilahok sa pulitika) ay inilaan para sa mag nakatatanda.

—Ang LGBTI \* (lesbians, gays, bisexuals, transsexuals, transgender at intersexuals) sa katandaan ay dapat na makalahok sa buhay panlipunan nang naaayon sa pagpapasya ng sarili

## 17 Alituntunin ng Pulitika ng Berlin para sa mga Senior Citizens (mula 2013)

Kahirapan sa katandaan / pagpapabuti ng mga pagkakataon o oportunidad para sa pakikilahok sa lipunan sa Berlin.

Hospice- at pampakalma na pangangalaga;

Ang kalusugan ng mga tumatanda\* .

Pakikilahok sa kultura sa lungsod;

Pagpapalakas ng civic engagement ng mga nakatatanda;

Panghabambuhay na pag-aaral o pagkatuto;

Pag-iwas sa diskriminasyon sa edad;

Proteksyon ng consumer para sa mga nakatatanda;

Pag-aalaga sa katandaan.





#### 14. Ano ang layunin ng patakaran o pulitika para sa senior citizens ng Berlin sa temang Matatandang Migrante?

Ang pinakamabilis na lumalagong grupo sa populasyon ay ang mag nakakatanda na may kasaysayan ng migrasyon. Ang mga nakatatandang migrante ay importanteng bahagi ng lipunang urban ng Berlin. Dahil dito gustong suportahan ng **senado ng Berlin (tingnan ang pahina 44)** ang interkultural na tulong at pangangalaga sa mga matatanda\*.

Ang mga alok ay dapat na bukas at multilinggwal at isinasaalang-alang ang pagkakaiba ng lahat ng taga-Berlin. Sa ganitong paraan, mas makakalahok sa lipunan ang mga taong may kasaysayan ng migrasyon. Para sa karagdagang pag-unlad na ito mas malakas na boses at mas malawak na partisipasyon ang kinakailangan upang maging posible ang isang akmang pagpapatupad.

## 15. Ano ang senado ng Berlin?

Sa bawat pederal na estado (Bundesland) ng Alemanya ay mayroong pamahalaan ng estado (Landesregierung). Ang Berlin ay isa ring estado. (tignan ang p. 50). Ang pamahalaan ng estado (Landesregierung) dito ay tinatawag na Senado (Senat). Ang Senado ng Berlin ay may isang alkalde o mayor\*a at hanggang sampung senador\*a at ang kanilang mga departamentong administratibo na may iba't ibang gawain.

Pananalapi

Kalikasan, trapiko at proteksyon sa klima

Kalusugan, Pangangalaga at Pagkakapantay-pantay

Edukasyon, Kabataan at Pamilya

Mayor\*a

Pagpapa-unlad ng  
Lungsod at Pabahay

Kultura at  
Europa

Hustisya, Proteksyon ng  
Consumer at Laban sa  
Diskriminasyon

Ekonomiya, Enerhiya  
at Negosyo

Integrasyon,  
Trabaho at  
Panlipunan

Panloob at  
Sport

## 16. Aling Kagawaran ng Senado ang may pananagutan sa mga senior citizens?

Sa prinsipyo lahat ng mga kagawaran ng senado ay mahalaga para sa senior citizens dahil sila ay binibigyan ng pagkakataon na lumahok sa lahat ng larangan ng buhay.

Ang direktang responsable sa mga senior citizens:


—Kagawaran ng Senado para sa Integrasyon, Trabaho at Panlipunan'  
(*'Senatsverwaltung für Integration, Arbeit und Soziales'*)

Iba pang mahahalagang Departamento ng Senado para sa senior citizen\*:

—Kagawaran ng Senado ng Berlin para sa Kalusugan, pangangalaga at pagkakapantay-pantay (Senatsverwaltung für Gesundheit, Pflege und Gleichstellung)

—Kagawaran ng Senado ng Berlin para sa Hustisya, Proteksyon ng Consumer at Laban sa Diskriminasyon' ('Senatsverwaltung für Justiz, Verbraucherschutz und Antidiskriminierung')

—Kagawaran ng Senado ng Berlin para sa mag usaping Panloob at Sport' ('Senatsverwaltung für Inneres und Sport')



**17. Ano o sino ang mga tagapagugnay ng pangangalaga sa matatanda (Altenhilfekoordinator\*in/geriatric care coordinator) sa Berlin?**

Ang bawat distrito ay may tagapag-ugnay ng pangangalaga sa mga nakatatanda. Ang tagapag-ugnay ng pangangalaga sa naka ay responsable sa pagpapalano ng pangangalaga sa nakatatanda at pagpapatupad nito, halimbawa sa mga senior leisure center.

Ang mga tagapag-ugnay ng pangangalaga sa nakatatanda ay nagpapalano ng mga pagpapabuti at nagkokonekta sa mga pampubliko, non-profit at pribadong organisasyon. Kaya alam ng lahat kung ano ang iniaalok ng iba gayundin ang supply, suporta at pangangalaga ng mga matatanda ay maaaring i-organisa nang maayos.





## ✓ Ang Berlin ay isa ring Pederal na Estado

Ang Pederal na Republika ng Alemanya ay binubuo ng 16 na mga pederal na estado. Ang Berlin ay isa ring Pederal na Estado.

Lahat ng estado ay sama-samang bumubuo sa pederal na republika. Ang bawat estado ay may sariling parlyamento at sariling pamahalaan ng estado (sa Berlin ito ay tinatawag na Senado). Ang bawat pederal na estado ay may sarili ring mga batas (mga batas ng estado/Landesgesetz) sa ilang partikular na sektor (hal. edukasyon). Kung hindi, bumabatay sila sa mga batas ng Pederal na Republika ng Alemanya (pederal na mga batas/Bundesgesetze). Ang mga estado, halimbawa sa edukasyon, ay maaaring magpasya para sa kanilang sarili, kung ano ang uri ng mga paaralan o eskwelahan at itakda ito sa isang batas. Ngunit ang batas na hal. ang bawat bata ay kailangang pumasok sa paaralan ay itinakda ng Pederal na Republika ng Alemanya. Hindi ito maaaring baguhin ng alinmang estado.



**18. Aling mga Batas sa Pantay na Pagkakataon (Equal Opportunities Laws) ang umiiral sa Berlin bukod sa Berlin "Seniors Participation Act"?**

Sa Berlin ay mayroong prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, na ang lahat ng tao ay may pare-parehong karapatan. At mayroong proteksyon laban sa diskriminasyon: Walang sinuman ang dapat tratuhin nang naiiba batay sa kasarian, edad, lahi o pinagmulan, relihiyon o opinyong pulitikal. Ang mga nakatatanda ay may karapatan ding makilahok sa buhay panlipunan at pampulitika.

Mayroon pang ibang mga batas para sa pantay na pagkakataon (Chancengleichheit).

## Pantay na Pagkakataon

Ang Berlin Participation and Integration Act Berliner Partizipations- und Integrationsgesetz) (pahina 54) ay nagtataguyod ng mga taong may kasaysayan ng migrasyon.

Ang Batas ng Pagkaka pantay-pantay ng Estado o State Equal Rights Act (Landesgleichberechtigungsgesetz) ay nagbabawal ng diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan.

Ang Batas ng Pagkaka pantay-pantay para sa mga Taong may iba't ibang Pagkakakilanlang sekswal

Ang Batas ng Pagkaka pantay-pantay ng Estado ay nagtataguyod ng mga kababaihan.

Ang Batas sa Paglahok ng Senior Citizens (Seniorenmitwirkungsgesetz) ay nagtataguyod ng mga karapatan ng mga senior citizen\*.

## **19. Ano ang Batas ng Berlin para sa Partisipasyon at Integrasyon (Berlin Participation and Integration Act/Berliner Partizipations- und Integrationsgesetz, PartIntG)?**

Mula noong 2005, ayon sa Immigration Act (Einwanderungsgesetz), ang Alemanya ay isang bansa ng imigrasyon. Dati ay hindi pa ganito. Ang batas ng Berlin para sa Partisipasyon at Integrasyon ay nabuo sa Berlin noong 2010. Ang Berlin ay ang unang pederal na estado sa Alemanya na may ganitong batas. Sa kasalukuyan may kabuuang apat na pederal na estado lamang ang may sariling batas para sa Integrasyon (Integrationsgesetz). Ang mga taga-Berlin na may kasaysayan ng migrasyon ay madalas na nakadarama ng diskriminasyon halimbawa kapag sila ay nasa isang awtoridad. Ang Batas ng Berlin para sa Partisipasyon at Integrasyon ay may layuning baguhin ang mga istrukturang may diskriminasyon laban sa mga taong may kasaysayan ng migrasyon.


Ang batas ay kasalukuyang binabago sa Berlin kaya ang pinahusay na bersyon ay hindi pa tapos. Layunin ng batas na ang mga taong may kasaysayan ng migrasyon ay dapat na makasama at makalahok sa iba't ibang sektor ng pamumuhay na sosyal, kultural, pang-ekonomiya, pampulitika at panlipunan hal. gayundin sa serbisyong pampubliko.

## 20. Ano ang Integrasyon?

Ang integrasyon ay tumutukoy sa buong lipunan. Ang integrasyon ay matagumpay kapag ang lahat ng mga mamamayan ay maaaring makilahok. Ang mga taong may kasaysayan ng migrasyon ay maaaring maisama o ma-integrate ang sarili, kapag sila ay aaksyon para sa kanilang sariling integrasyon. Pero dapat ring makilahok pati na rin ang lahat ng ibang taong walang kasaysayan ng migrasyon. Para dito ay mahalaga na ang mga taong may kasaysayan ng migrasyon ay magkaroon ng lahat ng pagkakataon na makasali at makalahok sa buhay panlipunan.

Sa ngayon marami ang pumupuna sa salitang "integrasyon". Ang integrasyon ay hindi nangangahulugan na ang mga tao ay dapat makibagay. Ito ay ang pagpapalitan ng mga tao na mayroon at walang kasaysayan ng migrasyon hal. sa isang Kinatawan ng Senior Citizen (Seniorenvertretung).

Ang binagong batas ay hindi na dapat tawaging 'Batas para sa Integrasyon', ngunit 'Batas para sa Pagsusulong ng Paglahok sa Lipunan ng Migrasyon' o 'Law for the Promotion of Participation in the Migration Society' (Gesetz zur Förderung der Partizipation in der Migrationsgesellschaft' (PartMigG).





## 21. Ano/Sino ang Opisyal ng Integrasyon ng Senado?

Ang "Opisyal ng Integrasyon ng Senado" ay ang contact person\* para sa mga taong may kasaysayan ng migrasyon at sya ang nagtataguyod ng kanilang mga karapatan. Ang opisyal ng integrasyon ay nangangampanya laban sa diskriminasyon sa mga taong may kasaysayan ng migrasyon. Nagtatrabaho rin siya para sa respeto, pagtanggap at mapayapang pakikipamuhay para sa lahat ng mga taga-Berlin. Para dito, bumubuo siya ng mga ideya, mga konsepto at mga hakbang. Nakikipagtulungan siya sa mga migranteng organisasyon at sinusupportahan sila, halimbawa, sa pamamagitan ng state advisory board para sa mga isyu sa integrasyon at migrasyon.


Lupon ng Pagpapayo ng Estado para sa mga Isyu sa Integrasyon at Migrasyon / State Advisory Board for Integration and Migration Issues (Landesbeirat für Integrations- und Migrationsfragen) ((tignan ang pahina 60).

Ang “Opisyal para sa Integrasyon at Migrasyon” ay nakikipagtulungan sa lahat ng mga administrasyon ng Senado dahil ang integrasyon ay mahalaga para sa lahat ng larangan ng pulitika. Ang mga ideya, konsepto at hakbang para sa integrasyon ay pinagkakasunduan din kasama ang mga administrasyon. Ang opisyal ng integrasyon at migrasyon ay may pangkalahatang-pananaw at kinokontrol ang kabuuang patakaran sa integrasyon ng Berlin.

Dati ang opisyal ng integrasyon ay tinatawag ding opisyal ng mga dayuhan. Ang kasalukuyang opisyal mula noong 2019 ay si Katarina Niewiedzial. Siya ang kauna-unahang opisyal ng Integrasyon na may kasaysayan ng migrasyon.

## 22. Ano ang Lupon ng Pagpapayo ng Estado para sa mga Isyu sa Integrasyon at Migrasyon / Regional Advisory Board for Integration and Migration Issues (Landesbeirat für Integrations- und Migrationsfragen)?

Ang 'Lupon ng Pagpapayo ng Estado para sa mga Isyu ng Integrasyon at Migrasyon' ay nagbibigay ng mga payo kung paano mapapabuti ang patakaran sa integrasyon. Mayroong pitong naihalal na kinatawan sa lupon ng pagpapayo ng estado, kabilang sa kanila ang mula sa mga organisasyon ng mga migrante, mga kalihim ng estado at ang "Opisyal para sa Integrasyon at Migrasyon", mga asosasyon at mga unyon ng manggagawa. Ang mga kinatawan sa lupon ng pagpapayo ng estado ay maaaring ihalal ng mga organisasyong nasa listahan ng mga opisyal para sa integrasyon at migrasyon. Ang asosasyong GePGeMi e. V. ay nasa listahan din at may isang boto.



23. Ano ang kaugnayan ng Berlin Participation and Integration Act o Batas ng Berlin ukol sa Partisipasyon at Integrasyon sa mga senior citizen na may kasaysayan ng migrasyon?

Ang Batas sa Pakikilahok ng mga Senior Citizen (Seniorenmitwirkungsgesetz) ay tumutukoy sa isang bahagi ng Participation and Integration Act (pahina 54).

Isa sa mga nilalaman ng batas ay nagsasabi na ang isang kinatawan ng Lupon ng Pagpapayo ng mga Senior Citizen ng Estado (Regional Seniors' Advisory Board) (tingnan ang pahina 26) ay dapat magmula sa isang organisasyon na nagtataguyod ng interes ng mga senior citizens na may kasaysayan ng migrasyon.

Hanggang ngayon ay kinakatawan sila ng kom•zen (Competence Center for Intercultural Opening of Care for the Elderly, Pahina 30) mula noong 2016.



## 24. Bilang isang senior citizen paano ako makikitungo sa diskriminasyon?

Ang bawat tao ay dapat magkaroon ng pagkakataong makilahok sa panlipunan at pampulitikang bahagi ng pamumuhay, gaano man siya katanda o saan man siya nanggaling. Subalit sa maraming bahagi ng pamumuhay ay mayroong mga diskriminasyon na nangyayari. Nangangahulugan ito na hindi pantay ang pagtrato sa tao, dahil halimbawa iba ang itsura ng tao, iba ang salita o dahil hindi sa katandaan.

Ang pagkakapantay-pantay ay nakapaloob sa Saligambatas o Konstitusyon ng Alemanya (Grundgesetz) at sa mga Alituntunin ng European Union (EU-Richtlinien). Kaya layunin ng Senado ng Berlin na kumilos laban sa diskriminasyon. Samakatuwid ang mga taong may kasaysayan ng migrasyon ay dapat ding may kakayahang makilahok sa pulitika laban sa diskriminasyon.

Ang GePGeMi e. V. ay kalahok sa trabaho laban sa diskriminasyon. Ang asosasyon ay nagsisikap na matanggal ang mga pagkiling o hindi matuwid na opinyon laban sa isa't isa. Sa GePGeMi e. V. , ang mga matatandang migrante ay maaaring mag-ambag ng kanilang kaalaman at kasanayan sa lipunan ng migrasyon. Kung sinuman ang nakaranas ng diskriminasyon, maaari siyang

—sumulat ng email sa Berliner Register sa  
**info@berliner-register. de**

o tumawag sa

**0152 0442 5746**

—sa Tanggapan Laban sa Diskriminasyon sa Berlin (Antidiskriminierungsstelle) sa  
**www. antidiskriminierungsstelle. de**

o sa pamamagitan ng telepono sa

**(030) 9013 3460**

o email sa

**antidiskriminierung@senjustva. berlin. de**

magreklamo.



Ang brochure na ito ay nilikha bilang bahagi ng proyektong "Workshop sa pampulitikang pakikilahok ng mga nakatatandang nangibang bayan mula sa maliliit na Grupo ng mga migrante" ("Werkstatt zur politischen Partizipation älterer Migrant\*innen aus kleinen Migrantengruppen") salamat sa suporta ng

— Kagawaran ng Senado ng Berlin para sa Integrasyon, trabaho at mga isyung panlipunan bilang bahagi ng Programa ng Partisipasyon at Integrasyon

— ng Amadeu Antonio Foundation

— ng Rosa-Luxemburg Foundation.

Maraming salamat!

Senatsverwaltung  
für Integration, Arbeit  
und Soziales

**be**  **Berlin**

**Partizipations- und  
Integrationsprogramm**



**AMADEU  
ANTONIO  
STIFTUNG**

**ROSA  
LUXEMBURG  
STIFTUNG**